8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

1

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 1**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KUWARTER, UNANG LINGGO, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*Nailalarawan ang United Nations at ang Pilipinas bilang kasapi nito.*<br>1. *Nailalahad ang kasaysayan ng pagkakabuo, pagkakatatag ng United Nations;*<br>2. *Naiisa-isa ang mga layunin ng United Nations;*<br>3. *Naipaliliwanag ang mga gampanin at tungkulin ng United Nations;*<br>4. *Nasusuri ang implikasyon ng pagiging kasapi ng Pilipinas sa United Nations.* |
| **D. Nilalaman** | Ang United Nations (UN) at ang Pilipinas bilang kasapi nito<br>1. Pagtatag ng United Nations.<br>2. Pilipinas bilang Kasapi ng United Nations. |
| **E. Integrasyon** | Panahon, Pagpapatuloy, at pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Ugnayang Panrehiyon at pandaigdig(Regional and International Relations) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Rosenberg, M. (2019). Member countries of the United Nations. ThoughtCo. https://www.thoughtco.com/members-of-united-nations-1435442<br><br>Basic Facts About the United Nations. (1992, April 30). Department of Public Information. |

Mga bokabularyo. (n.d.). https://www.tagaloglang.com/himpilan/

Dpi Campaigns. (2023). Take action for the sustainable development goals - United Nations Sustainable Development. United Nations Sustainable Development. https://www.un.org/sustainabledevelopment/sustainable-development-goals/
Rosenberg, M. (2019, November 25). Member countries of the United Nations. ThoughtCo. https://www.thoughtco.com/members-of-united-nations-1435442

United Nations in the Philippines | The United Nations in Philippines. (n.d.). United Nations in the Philippines | the United Nations in Philippines. https://philippines.un.org/en/about/about-the-un

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1.Maikling Balik-aral:**<br>**ANAGRAM**: *(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)* | MGA SAGOT<br>1. Cold war<br>2. Iron curtain<br>3.Space race<br>4.Detente<br>5.Richard Nixon |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**WATAWAT-SURI**: Ipapakita ng guro ang watawat ng *United Nations*. Itatanong sa mga mag-aaral kung ano ang mga simbolo na makikita dito at ang sa palagay nilang kahulugan ng mga ito.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1.Ano anong mga simbolo sa watawat ng UN ang makikita? Maaari mo ba itong ibigay.<br>2. Ano kaya ang kahulugan ng mga simbolo sa watawat?<br><br>**2. Paghahawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**HULA, HOOP!** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)* | Mga Sagot sa Hula, Hoop!<br>1.Organisasyon<br>2.Himpilan<br>3.Kapayapaan<br>4.Hidwaan<br>5. Demokrasya |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Pangyayaring nagbigay daan sa pagkakabuo ng United Nations** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Simula sa pagkakatatag ng *United Nations* noong Oktubre 24, 2945, na mayroong 51 orihinal na miyembro, ang pagpapanatili sa kapayapaan sa daigdig ang naging pangunahing tuon nito. Mahalaga ang naging papel nito bilang lugar para sa paglutas ng mga hidwaan. Ang iba pang tuon o layunin ng nasabing organisasyon ay ang pagpapaplaganap ng demokrasya; pagtataguyod ng pag-unlad na panlipunan at karapatang pantao; pangangalaga sa kapaligiran; at pagsugpo sa *nuclear arms proliferation* o ang pagkalat ng armas nukleyar. Kung ihahambing sa sinundan nitong *League of Nations*, masasabing mas matagumpay ang *United Nations* sa pagkakamit ng mga layunin nito.<br><br>Ang punong himpilan ng UN ay matatagpuan sa New York City, Estados Unidos Kilala ito bilang UN Headquarters. Ito ang sentro ng mga aktibidad at operasyon ng UN kung saan nagaganap ang mga pagpupulong at iba pang mga gawain ng mga pangunahing sangay ng organisasyon.<br><br>Ang *United Nations* ay binubuo ng iba't ibang mga sangay na tumutugon sa mga pangunahing larangan ng kaniyang mandato.<br><br>1.*General Assembly (GA)* – Binubuo ng lahat ng mga kasapi ng UN at ang pangunahing tagapagpasya ng organisasyon. Dito pinag-uusapan at binibigyang linaw ang mga mahahalagang isyu sa pandaigdigang antas.<br><br>2.*Security Council (SC)* – Responsible sa pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad sa mundo. Binubuo ito ng 15 miyembro na may *veto power* (Estados Unidos, Russia,Tsina, Pransya at United Kingdom) at sampung hindi permanenteng miyembro na nagbabago kada dalawang taon. *(Basic Facts About the United Nations, 1992)*<br><br>3.*Economic and Social Council (ECOSOC)* – May responsibilidad sa pangangasiwa sa mga pandaigdigang ekonomikong, panlipunan,at pangkultura na isyu.Nakikipagtulungan ito sa sa iba't ibang ahensya ng UN at iba pang organisasyon upang mapabuti ang kalagayan ng mga tao sa buong mundo.<br><br>4.*International Court of Justice(ICJ)* – Ito ang pinakamataas na hukuman sa mundo at tumututok sa mga alitan sa pagitan ng mga bansa ayon sa internasyonal na batas.<br><br>5.*Secretariat* – Pinangungunahan ng *Secretary General ng UN*, ito ang tagapagpatupad ng mga desisyon ng GA,SC at iba pang sangay ng UN. Ang mga kawani ng Seretariat ay nagsisilbing mga opisyal at tagapagtaguyod ng mga programa at proyekto ng UN. | |

6.*Trusteeship Council* – Ito ay nagpapatupad ng mga patakaran at programa upang matiyak na ang mga teritoryo ay nakakamit ang kanilang layunin maging Malaya at maunlad. Ang *Trusteeship Council* ay unti-unti ng nawala sa pagiging aktibong sangay ng UN at ang kanyang tungkulin ay isinama sa iba pang ahensya ng UN tulad ng *General Assembly. (Basic Facts About the United Nations, 1992)*

**Orihinal na miyembro ng United Nations**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1.Albania | 12.Costa Rica | 23.Guatemala | 34.New Zealand | 45.Turkey |
| 2.Argentina | 13.Cuba | 24.Haiti | 35.Nicaragua | 46.Ukraine |
| 3.Australia | 14.Czechoslovaki a | 25.Honduras | 36.Norway | 47. USSR |
| 4.Belgium | 15.Denmark | 26.India | 37.Panama | 48.United Kin |
| 5.Bolivia | 16.Dominican Rep. | 27.Iran | 38.Paraguay | 49.USA |
| 6.Brazil | 17.Ecuador | 28.Iraq | 39.Peru | 50.Uruguay |
| 7.Belarus | 18.Egypt | 29.Lebanon | 40. Philippines | 51.Venezuela |
| 8.Canada | 19.El Salvador | 30.Liberia | 42.Poland | |
| 9. Chile | 20.Ethiopia | 31.Luxembourg | 42.Saudi Arabia | |
| 10.China | 21. France | 32.Mexico | 43.South Africa | |
| 11.Colombi a | 22. Greece | 33.Netherlands | 44. Syria | |

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **SEMANTIC WEB:** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*

   **IKALAWANG ARAW**

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **PANEL DISCUSSION**:Ang guro ay pipili ng mga mag-aaral na lalahok sa Panel Discussion. Tatalakayin dito ang mga tungkulin ng mga sangay ng *United Nations.* Buuuin lamang ito ng walong mag-aaral.

| Mga Sangay ng UN na Gagampanan at Tatalakayin | Bilang ng mga mag-aaral |
|---|---|
| *Host ng Panel Discussion* | 2 |

| | | |
|---|---|---|
| | *General Assembly* | 1 |
| | *Security Council* | 1 |
| | *Economic and Social Council* | 1 |
| | *International Court of Justice* | 1 |
| | *Secretariat* | 1 |
| | *Trusteeship Council* | 1 |

Pamprosesong Tanong para sa mga tagapakinig ng Panel Discussion.

1.Sa iyong palagay anong sangay ng *UN* ang may mahalagang tungkulin? Bakit?
2.Paano nila nagagawa ang kanilang mga layunin o tungkulin?
3. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na makapili ng sangay na maaari mong mapasukan, alin sa mga ito ang iyong pipiliin? Ipaliwanag.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**SALIKSIK-SURI:** *(Tignan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*

**IKATLONG ARAW**

**Pagproseso ng Pag-unawa**

**PAG-UNAWA SA TEKSTO**: *(Tingnan sa pahina 4-5 ng Sagutang Papel)*

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**SLOGAN:** Gumawa ng isang slogan sa ¼ *white cartolina* tungkol sa kahalgahan pagsapi ng Pilipinas sa *United Nations*. Lagyan ito ng paliwanag sa likod upang higit na maunawaan ng guro ang ginawang slogan.

**IKAAPAT NA ARAW**

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**TIMELINE:** *(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)*

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>***United Nations Sustainable Development Goals*: ***(Tingnan sa pahina 6-7 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**BOSES NG KABATAAN:** *(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)* | |

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit (Tingnan sa pahina 8-9 ng Sagutang Papel)<br>2.<br>3. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Alamin ang kahulugan ng mga sumusunod.<br>1.SARS<br>2. Bird Flu<br><br>Sanggunian: Home. (2024b, May 17). https://www.who.int/</td><td>Mga Sagot<br>1.New York<br>2.51<br>3.Security Council<br>4.Secretariat<br>5.International Court of Justice<br>6.2015<br>7. BARMM<br>8. Edukasyon<br>9. Women empowerment<br>10. Kalusugan</td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | *buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |